

---

## MAGING MATALINO SA KALYE

Ipaliwanag sa inyong anak kung paano ligtas na makakalakad papunta sa paaralan at pauwi:

- Laging magsama ng kaibigan kung maglalakad – mas ligtas kung marami kayo. Karaniwang pinipili ng mga estranghero ang mga batang walang kasama.
- Kung iniisip mo na ikaw ay nasa panganib, o kung may sumusunod sa iyo, sumigaw at tumakbo sa pinakamalapit na tindahan, bahay o pabalik sa paaralan. Sabihin sa isang may sapat na gulang kung ano ang nangyari.
- Magpasama sa iyong ina o ama o pareho sa paglalakad patungo sa paaralan upang matiyak na ito ay lubos na ligtas.
- Gamitin lagi ang dati, ligtas na ruta papunta sa paaralan at pauwi. Huwag gagamitin ang mas malapit pero hindi siguradong ligtas na daan at huwag makikisakay.

## ANO ANG GAGAWIN SA ISANG KAGIPITAN:

Ipaliwanag sa inyong anak na kung may nasaktan o malubha ang sakit, may naaksidente sa kotse o may sunog, tumawag kaagad ng 9-1-1. Kailangang malaman ng inyong anak na kung siya ay mawala, pumunta sa teleponong binabayaran at idayal ang 9-1-1 upang makahingi ng tulong. Ito ay isang libreng tawag mula sa isang teleponong binabayaran.

---

Para sa iba pang impormasyon sa programang ito at ibang materyal sa pagpigil ng krimen, sumulat sa:

---

Crime and Violence Prevention Center  
California Attorney General's Office  
P.O. Box 944255  
Sacramento, CA 94244-2550  
[www.safestate.org](http://www.safestate.org)

---

This publication can be downloaded from  
[www.safestate.org](http://www.safestate.org)



# KALIGTASAN NG ANAK



Sentro ng Pagpigil sa Krimen at  
Karahasan  
Opisina ng Abugado Heneral ng  
California

**Bill Lockyer**  
Abugado Heneral

Child Safety - Tagalog

B11f-3300

10/99





***Mga Magulang,  
Alam ba ng inyong mga anak ang tungkol sa mga estranghero?  
Komportable ba kayo na pasagutin ang inyong anak sa telepono o harapang pinto kung kayo ay nasa bahay o kung sila ay naiwan sa bahay? Mag-ukol ng minuto upang basahin kasama ng inyong anak ang mga sumusunod na payong pangkaligtasan. Magagawang pigilan ng mga ito ang inyong mga anak na maging biktima ng krimen. Mahalagang bigyan ninyo sila na mga halimbawa na maiintindihan nila. Gamitin ang inyong bahay, kapitbahayan, at paaralan bilang mga tagpuan. Tiyakin na naiintindihan ng inyong mga anak na ang kanilang kaligtasan ay mahalaga sa inyo, at gamitin ang mga sumusunod na punto upang himukin silang talakayin ang isyung ito.***



## **SINO ANG ISANG ESTRANGHERO?**

Ang estranghero ay isang tao na hindi kilala ng inyong anak. Kailangang tiyakin ng mga magulang at tagapangalaga kung sino ang isang estranghero at kung sino ang hindi. Ipaliwanag na ang mga estranghero ay may iba-ibang hubog at sukat. Ang mga damit nila ay maaaring maayos, naiiba o maaaring isang uniporme. Ang tungkol sa uniporme ay nakakalito sa mga bata, kaya mag-ukol ng panahon upang ipaliwanag na oo, ang kartero ay isang estranghero kahit na pumupunta siya sa bahay halos araw-araw. Ito ay hindi nagpapahiwatig na ang mga taong nakauniporme ay mananakit sa mga bata, pero kailangang malaman ng mga bata na kung hindi nila kilala ang tao na nakauniporme – ang taong ito ay isang estranghero.

## **SABIHIN SA INYONG ANAK NA SUNDIN ANG MGA TUNTUNING ITO TUNGKOL SA MGA ESTRANGHERO**

- Huwag tatanggap ng anumang tulad ng kendi, sorbetes o pera mula sa isang estranghero.
- Huwag makikipag-usap sa mga estranghero.
- Huwag sasakay sa sasakyan ng estranghero.
- Kung may estrangherong nagtanong ng direksiyon, lumayo. Ang mga estranghero ay hindi dapat humingi ng tulong sa mga bata.
- Huwag ibibigay ang iyong pangalan o tirahan sa isang estranghero.
- Huwag sasabihin kahit kanino na kayo ay walang kasama sa bahay kung sasagot sa telepono o pinto. Sabihin sa kanila na abala ang ina o ama. Kunin ang mensahe.
- Kung nangangamba ka sa isang estranghero na nasa isang kotse, tumakbo sa kasalungat na direksiyon.
- Kung ang isang estranghero ay nagtatangkang sundan ka, TUMAKBO PALAYO, SUMIGAW at SABIHIN sa iyong mga magulang o pinagkakatiwalaang kaibigan na may sapat na gulang. Ayaw ng mapanganib na estranghero na maging sentro ng atensiyon.

## **KALIGTASAN SA BAHAY**

Turuan ang inyong anak kung paano ligtas na sasagutin ang pinto:

- Huwag bubuksan ang pinto sa isang estranghero.
- Kung ang isang estranghero ay kumatok sa pinto o tumimbre, sabihin sa inyong anak na sumilip sa butas o sumigaw ng “sino ‘yan?” Kung ito ay para sa inyo, dapat sabihin ng inyong anak sa bisita na maghintay, at iwang nakakandado ang pinto hanggang kayo ay handa nang humarap. Kung wala kayo sa bahay, dapat sabihin ng inyong anak na kayo ay abala at bumalik na lamang sa ibang panahon. Puwedeng kumuha ng mensahe ang inyong anak, pero HINDI niya dapat buksan ang pinto.
- Kung ayaw umalis ng bisita, at natatakot ang inyong anak, sabihin sa kanya na tumawag ng 9-1-1.

Paano sasagutin ang telepono:

- Kapag sumasagot sa telepono, ang inyong anak ay hindi dapat magbigay ng anumang impormasyon. Kung ang tumatawag ay nagtanong ng “sino ito?” turuan ang inyong anak na itanong kung sino ang tumatawag at kung sino ang tinatawagan.
- Kung ang inyong anak ay nag-iisa, hindi niya dapat sabihin kahit kanino na siya ay nag-iisa. Turuan ang inyong anak na sabihin sa tumatawag na hindi makapunta sa telepono ang tinatawag at isusulat niya ang mensahe.
- Kung hindi komportable ang inyong anak o natatakot sa anumang sinasabi ng tumatawag, sabihin sa kanya na ibaba ang telepono at tiyakin na sasabihin niya sa inyo ang anumang lahat ng mga tawag sa telepono.
- Kung kayo ay may makinang tagasagot, hayaang ito ang sumagot ng telepono kung ang inyong anak ay nag-iisa sa bahay.